

PLANO SA PANGANGASIWA NG MGA HALALAN NG COUNTY NG FRESNO UNANG SUSOG Agosto 2020

Panimula: Ang Plano sa Pangangasiwa ng mga Halalan ng County ng Fresno ay pinetsahan ng Nobyembre 2019. Ang plano ay ginamit upang isagawa ang Marso 2020 na Pampanguluhang Primaryang Halalan. Ang Unang Susog ay kailangan upang isapanahon ang Plano na may kaugnayan sa Nobyembre 2020 na Pampanguluhang Halalan. Sa pangkalahatan, ang mga pagbabago sa plano ay may kaugnayan sa Epidemyang COVID-19, na nagdulot ng pambuong-estadong mga pagbabago sa mga pamamaraan ng halalan. Ang mga pagbabago sa plano ay nakalista rito:

A. MGA WIKA: Dati, ang County ng Fresno ay inaatasan na ang pagmensahe at impormasyon para sa botante ay isalin sa Espanyol, Punjabi, Hmong, Tsino, Koreano, Biyernamis at Tagalog. Ang Laos ay idinagdag sa listahan ng mga wika para sa County ng Fresno. Anumang listahan ng iba't ibang wika sa Plano ay magsasama ngayon ng Laos.

B. MGA SENTRO NG PAGBOTO: Lahat ng Sentro ng Pagboto ay mananatiling bukas nang apat na araw, ika-31 ng Oktubre hanggang ika-3 ng Nobyembre. Hindi magkakaroon na anumang 11 Araw na mga Sentro ng Pagboto. Tuwing posible, ang mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto na ginamit noong Marso 2020 ay muling gagamitin. Ang ilang lugar ay hindi magagamit at ang ilang lugar ay masyadong maliit upang magkaroon ng kailangang pagdistansiyang sosyal. Inaasahan na humigit-kumulang na 10 lokasyon ang babaguhin. Ang County ay gagamit ng mga pamalit na lokasyon sa parehong pangkalahatang lugar tuwing posible. Ang isang bagong listahan ng mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto ay makukuha sa website at ipapakoreo sa bawat botante sa Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County.

C. COVID-19: Ang mga pag-iingat ay gagawin sa lahat ng Sentro ng Pagboto upang lumikha ng isang ligtas na kapaligiran para sa mga manggagawa at botante. Ang mga kagamitan sa pagboto ay itatatag upang himukin ang pagdistansiyang sosyal. Ang mga botante ay paghihintayin sa pila na magkakatayo nang anim na talampakan, na maaaring mangahulugan na ang mga botante ay maghihintay sa labas ng Sentro ng Pagboto kung kailangan. Ang mga plexiglass na kalasag at mga nahihilang tabing ay ilalagay sa mga workstation upang paghiwalayin ang mga manggagawa at mga botante. Lahat ng manggagawa ay magsusuot ng mga maskara o mga kalasag na pangmukha. Ang mga botante ay pagsusuutin ng mga maskarang pangmukha at ang mga maskarang pangmukha ay ipagkakaloob sa mga botanteng wala ng mga ito. Ang mga kagamitan ay lilinis nang palagian. Ang sanitizer ng kamay ay ipagkakaloob sa mga botanteng papasok at labas ng mga Sentro ng Pagboto. Tuwing posible, ang mga pinto ay iiwang bukas upang ipahintulot ang galaw ng hangin.

D. MGA KAHONG HULUGAN: Ang mga Karagdagang Kahong Hulugan ng Balota ay ilalagay sa buong County. Ang County ng Fresno ay inaatasang maglagay ng 32 Kahong Hulugan. Bilang karagdagan sa 43 lokasyon ng Kahong Hulugan na ginamit noong Marso 2020, humigit-kumulang na 20 pang Kahong Hulugan ang idaragdag para sa isang kabuuan na 63 Kahong Hulugan. Ang mga botante ay hihimuking gumamit ng mga Kahong Hulugan upang ibalik ang kanilang mga balota. Ang isang bagong listahan ng mga lokasyon ng Kahong Hulugan ay makikita sa website at ipapakoreo sa bawat botante kasama ng kanilang balota. Ang mga lokasyon ng Kahong Hulugan ay ililista rin sa Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County.

E. VCA TOOLKIT/MGA KOMUNIKASYON: Ang VCA Toolkit ay isinapanahon at nasa website ng County. Ang ibang pagmensahe ay patuloy na isasapanahon gaya ng kailangan. Bawat aktibong nakarehistrong botante ay tatanggap ng dalawang pagpapakoreo tungkol sa proseso ng pagboto. Ang unang pagpapakoreo ay nakatakdang ipadala sa mga unang bahagi ng Agosto 2020, at ang ikalawang pagpapakoreo ay sa ikatlong linggo ng Setyembre 2020.

F. MGA WORKSHOP: Dahil sa Ehekutibong Utos N-67-20, ang mga Workshop sa Dalawang Wika ay itinatakda para sa Agosto at Setyembre 2020 na gagamit ng pagkomperensiya sa pamamagitan ng video. Ang isang bagong PowerPoint ay binuo para sa mga Workshop sa Dalawang Wika at kasalukuyang isinasalin. Ang PowerPoint ay makukuha sa Toolkit. Ang mga indibidwal na grupo ay hinihimok na gumamit ng PowerPoint upang tulungan ang mga miyembro ng komunidad na maintindihan ang proseso ng pagboto.

Dahil sa Ehekutibong Utos N-67-20 ng Gobernador, ang isang Workshop na Pangkomunidad na Kaugnay ng Kapansanan ay isasagawa rin gamit ang komperensiya sa pamamagitan ng video. Ang petsa ng workshop na ito ay Setyembre 24, 2020. Ang VAAC (Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto) at mga organisasyong nagtatrabaho sa komunidad ng may kapansanan ay hihimuking ulitin ang workshop na ito sa loob ng kanilang mga organisasyon.

G. MGA KOMITE: Ang County ay patuloy na magsasagawa ng regular na nakatakdang mga pulong na pagkomperensiya sa pamamagitan ng video para sa sa VAAC at sa LAAC (Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika) ayon sa Ehekutibong Utos N-67-20 ng Gobernador.

H. RAVBM: Ang Panukalang-batas ng Asembleya 860, na isinakabanata noong Hunyo 18, 2020, ay inihahanda ang Magagamit sa Malayo na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo para sa sinumang botante na nais gumamit ng serbisyong ito sa Nobyembre 2020 na pambuong-estadong pangkalahatang halalan. Ang pagmensahe tungkol sa kahandaan ng RAVBM ay isasapanahon sa website, social media at sa Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County.